



Hakbang Tungo sa Pangarap

Ang Kwento ng Tagumpay ni Jamel Gaburno

sa sa pinakamahirap na trabaho ay ang pagiging ina—lalo na kung siya ay nag-iisang magulang. Maraming dapat isa-alang-alang bukod sa pagbibigay ng pangangailangan ng mga anak.

Si Jamel Gaburno, isa sa mga milyon milyong ina na patuloy na lumalaban para sa kapakanan ng kanyang anak. Bilang isang single mother, malaking dagok kay Jamel ang pagbibigay ng mga pangangailangan ng kanyang pamilya.



Unang nangarap si Jamel na maiahon ang pamilya sa hirap nang makita nito ang mga sakrispiyo ng kanyang magulang para sa kanila ng kanyang anak. Parehas na senior citizens ang magulang ni Jamel na nagtatrabaho ng full-time at kumikita lamang ng ₱3,500.00 kada buwan.

Kahirapan at ang medical na kundisyon ng kanyang anak ang nagtulak kay Jamel na

magsimula ng negosyo. Bilang may kagalingan rin naman siya sa pagdidisenyo, naging daan ito upang pasukin niya ang paggawa ng mga tsinelas.

Noong 2018, sa pamamagitan ng isang anunsiyo mula sa Public Employment Service Office ng Ilogon tungkol sa programang pangkabuhayan ng DOLE, naglakas loob si Jamel na magsumite ng aplikasyon para sa Kabuhayan Program.

Isang sagot sa matagal na panalangin ang dumating noong 24 Hulyo 2018. Napagkalooban si Jamel ng mga materyales sa paggawa ng tsinelas katulad ng mga tela, raw materials, at mga kagamitan na nagkakahalaga ng ₱20,000.00.

Bukod sa kapital, binigyan rin siya ng DOLE ng micro-insurance para sa kanyang negosyo, at mga oryentasyon katulad ng mga productivity trainings na kung saan tinuruan sila ng mga best practices ng ibang mga negosyante lalo na sa pamamahala ng negosyo.





Dito na nagsimula ang sunod-sunod na biyaya sa pamilya ni Jamel. Mula sa hirap sa pagiging solong ina ay naging isa siyang matagumpay na “momprenneur”.

Nabigyan siya ng mga trainings at seminars katulad ng Basic Bookkeeping, Financial Literacy, Leadership, Organizational Structure, Governance, Management at Basic Leadership Training for Community Based Organizations, maging mga trainings na binibigay ng Kabavan Weaving Arts and Crafts—isang lokal na grupo na dalubhasa sa kultura ng Cordillera.

Mula sa paggawa ng tsinelas, nagkaroon na rin ng ibang produkto katulad ng keychain, refrigerator magnet, at iba pang mga souvenir na naibebenta niya sa Negosyo Center ng Lokal na Pamahalaan ng Itogon at mga tindahan sa Mines View Park sa Baguio City.

Dahil dito, tumaas ang kita ni Jamel mula sa ₱40,000.00 neto na kita ng 2018, ay naging ₱140,000.00 neto na kita sa taong 2019.

“Dahil dito [DILP assistance] ay may pang-tustos na ako sa aking anak na may Osteochondrosis—isang sakit sa buto na maaaring namamana o dulot ng vascular abnormalities, at hindi na ako nakaasa sa aking mga magulang. Ako na ngayon ang breadwinner ng aking pamilya,” dugtong ni Jamel.

Isa rin siyang aktibong opisyal ng Binanga Women’s Association kung saan niya ibinabahagi ang kanyang mga kaalaman sa pagdidisenyo at paghabi.

Malaki ang pasasalamat ni Jamel sa DOLE sa pagtulong nito na matupad ang kanyang pangarap para sa pamilya.

“Naniniwala ako na lalago ang aking negosyo hindi lang sa lokal na merkado kung hindi maging sa internasyonal sa pamamagitan ng tulong mula sa pamahalaan. Sana ay maging inspirasyon at motibasyon ito sa ibang nangangarap na mayroong tutulong basta’t hindi mawalan ng pag-asa,” ani ni Jamel.



EDITORIAL BOARD






Chairperson: **Director Ma. Karina Perida-Trayvilla**

Editor-in-Chief: **Nilda C. Dominguez**

Content: **Maria Geneva R. Bassig**

Design: **Maria Geneva R. Bassig**

Bureau of Workers with Special Concerns

-  9/F G.E. Antonino Bldg., J. Bocobo St.,
Cor. T.M. Kalaw Ave., Ermita, Manila
-  8404-3336, 8527-5856, 8527-3097 *Telefax:* 8527-5858
-  mail@bwsc.dole.gov.ph
-  www.bwsc.dole.gov.ph
-  <http://www.facebook.com/bwsc.dole>